BC CANCER CERVIX SCREENING
Provincial Health Services Authority

# Colposcopy

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa mga resulta sa HPV at sa Colposcopy

**Kung kamakailan ka lamang nagkaroon ng abnormal na resulta sa Pap test result, o kung may nakitang HPV types 16 at/o 18, maaaring irekomenda ng isang health care provider ang colposcopy.**

**Ano ang colposcopy**

Ang colposcopy ay isang procedure na tumitingin sa anumang abnormal na bahagi sa iyong cervix (bunga ng iyong matris) at vagina. Ang espesyalista (colposcopist) ay gagamit ng isang magnifying tool na tinatawag na colposcope; ito'y mukhang binoculars na nasa isang stand. Ang colposcope ay nagpapahintulot sa espesyalista na tingnan nang close-up ang iyong cervix.

***Nakikita sa colposcopy ang pinakasanhi ng anumang abnormal cervical cells—kaya't ginagawa nitong posible ang maagang treatment.***

**Sino ang nangangailangan ng colposcopy?**

Ang colposcopy ay karaniwang inirerekomenda kapag:

- Ang iyong Pap test o cervix self-screening sample ay nakahanap ng isang high-risk na klaseng human papillomavirus (HPV)—HPV 16 at/o 18. O kung mayroon kang HPV infection na hindi nawawala.
- Ang iyong Pap test ay nakahanap ng mga selula sa iyong cervix at ang mga selulang ito ay mukhang hindi normal; ito'y malamang na dulot ng high-risk HPV.
- May nararanasan kang mga sintomas, tulad ng pagdurugo sa pagitan ng iyong regla, o pananakit habang naikipag-sex.
- Nagkaroon ka na dati ng abnormal na resulta sa screening.

**Paano ba ako dapat maghanda para sa aking colposcopy?**

- ☑ Pagsikapang iiskedyul ito kapag wala kang regla.
- ☑ Hindi mo kailangang magpa-ospital, at hindi mo kailangan ng sedation, freezing (iniksyon), o gamot sa pananakit habang ginagawa ito.
- ☑ Kausapin ang isang primary care provider bago ng iyong appointment.
- ☑ Magsama ng táong magbibigay-suporta sa iyo.
- ☑ Magdala ng listahan ng mga tanong para tulungan kang matandaan ang lahat ng gusto mong tanungin.

**Ano ang mangyayari habang ginagawa ang aking colposcopy**

1. Ang espesyalista ay gagamit ng speculum para dahan-dahang ibuka ang iyong ari-arian.
2. Ang iyong cervix ay titingnan gamit ang isang colposcope. Ang colposcope ay hindi papasok sa iyong katawan.
3. Maaaring mag-apply ng vinegar o iodine solution sa iyong cervix. Ginagawa nitong mas madaling makita ang anumang abnormal cells.
4. Kung ang espesyalista ay may nakitang anumang abnormal cells, maaaring kumuha siya ng maliit na tissue sample (biopsy). Ang exam ay nagtatagal nang 5-10 minuto.

| | |
|---|---|
| Karaniwan ang makaramdam ng anxiety o pagkabalisa tungkol sa procedure. Makakatulong sa iyo na maging mas komportable kapag nalalaman mo kung ano ang maaasahan mong mangyari. Tandaan na maaari mong sabihin kahit kailan sa espesyalista na ipaliwanag sa iyo kung ano ang ginagawa niya. | Panoorin ang video tungkol sa colposcopy procedure: screeningbc.ca/cervix |

**Ano ang mangyayari pagkatapos ng colposcopy?**

Maaari mong ipagpatuloy ang iyong mga normal na aktibidad pagkatapos. Kung kumuha ng biopsy, maaaring makaranas ka ng kaunting spotting (pagdurugo) nang 1 hanggang 2 araw. Kung gumamit ng tampon para maiwasan ang spotting, siguraduhing tanggalin ito 3 oras pagkatapos ito ipinasok. Kung patuloy pa rin ang spotting, maaari kang gumamit ng panibagong tampon o pad, kung kinakailangan.

**Masakit ba ang colposcopy?**

Kapag kumuha ng biopsy, maaaring may maramdaman kang kurot o kaunting cramps, pero dapat mawala ito kaagad. Kung ikaw ay ninenerbiyos sa pananakit, o kung nakaramdam ka ng pananakit habang isinasagawa ang procedure, sabihin sa espesyalista. Pagsisikapan niyang gawin kang mas komportable o ititigil niya ang procedure kung sinabi mong itigil ito.

**Anu-ano ba ang mga risk ng colposcopy?**

Maliit ang risk ng mga komplikasyon mula sa colposcopy. Sa mga bihirang kaso, ang isang biopsy ay maaaring magdulot ng impeksyon o pagdurugo. May maliit na chance na maaaring hindi nito makita ang abnormalities.

**Ano ang human papillomavirus (HPV)**

Ang HPV ay isang karaniwang virus na kumakalat sa pamamagitan ng sexual contact. Kabilang dito ang paghipo sa ari-arian, oral, vaginal, at anal sex.

Mayroong mahigit sa 200 iba't-ibang uri ng HPV at marami sa kanila ay hindi mapanganib. Pero ang isang pangmatagalng impeksyon ng high-risk types, tulad ng HPV 16 at 18, ay maaaring mauwi sa cervical cancer. Ang HPV types 16 at 18 ay nagdudulot ng mga 70 mula sa 100 kaso ng cervical cancer.

**Paano ko ba nakuha ang HPV?**

Kung ikaw ay nagkaroon ng anumang klaseng sexual contact sa iyong buhay, kahit na sa iisang partner o kapareha, malamang na ikaw ay nalantad sa HPV. Maaari itong lumabas kaagad pagkatapos mo malantad dito, o maaaring lumipas ang ilang taon; ginagawa nitong mahirap malaman kung kailan naipasa sa iyo ang HPV o kung kanino mo ito nakuha.

**Ibig ba nitong sabihin na mayroon akong cervical cancer?**

Hindi. Ang mga resultang ito ay karaniwang nakukuha. Kaunting-kaunti ang bilang ng mga táong may abnormal Pap test result o high-risk HPV na may kanser o pre-cancerous cells. Pero mahalagang magpunta sa anumang follow-up appointments na inirekomenda para sa iyo. Ang pagpunta sa mga appointment ay makakapigil sa pagdibelop ng cervical cancer.

**Dapat ko bang sabihin sa aking (mga) partner na ako’y may HPV?**

Ikaw ang bahala kung sasabihin mo ito sa kanila o hindi. Ang HPV ay karaniwang-karaniwan at ang halos lahat ng mga táong sekswal na aktibo ay magkaka-HPV sa isang takdang panahon ng kanilang buhay.

Walang treatment para sa HPV na impeksyon mismo. Karamihan ng beses ay nawawala na lamang nang mag-isa ang HPV nang walang anumang mga sintomas o mga komplikasyon.

**Dapat bang magpa-screen ang aking (mga) partner?**

Ang sinomang may cervix na nasa pagitan ng 25 at 69 táong-gulang ay dapat regular na mag-screen para sa cervical cancer.

Kung ang iyong (mga) partner ay walang cervix, hindi niya kailangang magpa-check para sa HPV dahil hindi siya maaaring magkaroon ng cervical cancer.

**Paano ko ba maaaring maiwasan ang HPV?**

1. **HPV vaccine:** ang pagpapabakuna ay maaaring makatulong sa paghadlang ng mga pinakamalubhang klase ng HPV infections. Bisitahin ang immunizebc.ca/hpv.
2. **Gumamit ng condoms:** bagamat ang condoms ay hindi lubos na hadlang sa HPV, maaari nilang bawasan ang iyong risk. Nagproprotekta rin sila laban sa ibang mga impeksyon na naipapasa kapag nakipag-sex.
3. **Huwag manigarilyo:** ang paninigarilyo ay maaaring makapanganib sa kakayahan ng katawan na labanan ang HPV at ang iba pang mga impeksyon.

**Kontakin Kami**

BC Cancer Cervix Screening
801-686 West Broadway, Vancouver, BC V5Z 1G1

Telepono: 1-877-702-6566
Email: screening@bccancer.bc.ca
Web: www.screeningbc.ca/cervix

SCAN ME

Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa ‘di-awtorisadong paggamot at pagsiwalat, alinsunod sa Personal Information Protection Act at, kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act. Ang impormasyon na ito ay maaaring gamitin at isiwalat tulad lamang ng nakapahayag sa mga Batas na iyon, at sila’y gagamitin para sa quality assurance management at sila’y isisiwalat sa healthcare practitioners o kapag iniutos ito ng batas. Kung may anumang tanong tungkol sa pangongolekta ng impormasyon ng BC Cancer, mangyaring kontakin ang Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca or email: screening@bccancer.bc.ca).